Ang Papa León XIII

Nang Laguíng Maalaala. — Ang sangcapuluang nacabudbod sa boong linauac láuac nang dágat nang China,t, nang Océano Pacífico, at cumuha nang nğalan sa haring Felipe II sa España, cayâ siya,i, pinamagatang Filipinas, halos pagcátuclas sa caniya ni Hernando de Magallanes nang siglo XVI, hindî lámang cagyat siyang náalay sa Dios, pagtitiric na sa caniyang manğa dalampasigan nang cagalang-galang na larauan nang Santa Cruz, bagcus panğang lalóng másasabi, na casabay nang pagcátiric na yaon ang pagmumulâ na rito nang Religión Católica. Búhat na noon, ang lalong pinacanais nang manğa Romanos Pontífices, na linaquipan nang magandang nasà nang mag-amang Carlos V at Felipe II, manğa Harì sa España, ay hanğoin ang manğa tagá capuluang yaon sa quinagugumunang pagsamba nila sa hindî tunay na Dios, at sila, masucob sa Religión ni Cristo. Bagay na, sa tulong nang Dios lubhang maligayang quinamtán nang punyaguî nang manğa pareng banal nang iba,t, ibang Religión anopa,t, hindî nalaonan at naisipan nang Papa Gregorio XIII, na bigyán niyá nang sariling prelado ang Iglesiang bagong sícat, at caniyang itátag túloy ang Obispado nang Maynilà. Sunudsunod na pagsulong ang lubós na itinugón nang gangayong caayaáyang panucalà. Salamat nğa, sa ualang licat na tiyagâ nang Aming manğa hinalinhan at nang manğa Harí sa España, ang caalipinan ay nalipol, ang manğa tubó sa sangcapuluan ay tumahac nang balabalaquing carununğan sa canilang pag aaral, nagdidilagang manğa Simbahan ay nanğatayo,t, nanğagayac, naragdagan ang bilang nang manğa Diócesis, pacundanğan sa matapat na pag abot nang bayan at nang Santa Iglesia nang Filipinas sa hindî caraniuang

tayo̍ nang ayos nang pamamayan at nang dañgal at pag irog sa Religión. Ganitó ang ginauang pagpatnugot sa Filipinas nang mañga pinag áanhin anhin nang Catolicismo sa ilalim nang cupcop nang mañga Hari sa España, at nang Patronatong caloob nang mañga Santo Papa sa mañga nasabing Hari. Ñguni,t, palibhasa,i, hindi pa nalalaong pinapagbabago nang capalaran nang pananandata ang madlang bagay-bagay nang lupaing yaon, caya ña nagbago rin naman ang ilang nauucol sa Religión. Yáyamang sa pamimitao nang pamamahalang castila,i, napaui naman ang Patronato nang mañga Hari sa España. Dahilang ipinagcamit nang Iglesia nang lalong malaquing calayaán at iquinabaui nang isa,t, isá nang buong-buô at walang capiñgas-piñgas nilang catouiran. Sanhî rito, at upanding huag mabauasan ang bisà nang disciplina, hindi napaliban muntic man, at siniyasat nang buong pag uauari cung anó bagá ang anyo at ugali na cailañgang gamitin sa bagong calagayang itó. Alang alang dito,i, caya ña naman sinugo̍ naming Delegado Extraordinario ó tañging quinatauan sa Islas Filipinas, ang Aming cagalanggalang na capatid, na si Plácido Luis Chapelle, Arzobispo sa Nueva Orleans, at nang sa caniyang pagmamalas nang lahat nang nangyayari, mahatulan Niya agad ang anomang di marapat ipagpaliban, at saca ipagbigay alam sa Amin. Iquinalulugod ña Namin ang caniyang pagcatupad nang tinangap niyang tungcol, caya ña matapat namang siya,i, Aming papurihan. Sa caduluhan at cabutihang capalaran, ay naisipan nang Gobierno nang Estados Unidos sa América, na siya ang maquipagsangunian dito sa Santa Sede sa pamamaguitan nang tañging Legación ó quinatauang ucol sa paraan nang pagputol nang ilang sigalutan, hinguil sa mañga bagay nang catolicismo sa sangcapuluang Filipinas. Taglay ang buong galac nang pusò na Aming tinulunñan ang salitang pinamulan, at salamat sa sicap at tining nang loob nang mañga pinagcatiualaan nang mañga salitaang itó, ay maluag na nabucsan ang pagcacaayos nang ñgayo,i, pamumulang ganapin sa sangcapuluan. Pagcatapos diniñgig ang mañga panucala nang mañga Cardenales nang Santa Iglesia Romana, na talagang sumisiyasat at naquiquialam nang mañga tañgi at di caugalian bagaybagay, pagcapaguari Nilang mahinahon, ay minarapat na lalong acma sa mañga pinag-aanhin-anhin nang Iglesia nang Filipinas ang iutos at ihayag Namin ang canilang pasiyá sa Constitución Apostólicang itó: sa lubos na pag-

asa na ang itatag nang Aming cataastaasang capangyarihan, sa tulong nang catapatang loob at catuiran nang Gobierno nang Estados Unidos, ay pacasísinupin at pacaiiñgatang tupding mahusay.

I.
Ucol Sa Mañga Bagong Hanganan Nang Mañga Diócesis.

Ang cáunaunahan ñgang hañgad at tuñgo niyaring pusò ay dagdagán ang mahal na Jerarquia sagrada. Caya nang Aming nábanguit na, pagcatatag na ni Gregorio XIII nang Diócesis nang Maynilà, samantalang dumarami ang bílang nang mañga bininyagan, mañga tauo mang tubò sa capuluang yaon na yúmacap nang Catolicismo, gaya naman nang mañga tagá Europa na naparoon lamang, binálac ni Clemente VIII na marapat dagdagan ang bilang nang mañga Obispong canilang Prelado. At dahil dito,i, pinamutihan nang dañgal na Arzobispal ang Diócesis nang Maynilà, at minagaling Niyang sa pagtatayô nang tatlong Diócesis nang Cebú, Cáceres at Nueva Segovia, ay mañga sacop itó nang capangyarihan nang Archidiócesis nang Maynilà. Sa mañga násabing diócesis ay náragdag naman nang taong 1865 ang Obispado sa Jaro. Gayon man, ang malabis na calauacan nang mañga nasábing Diócesis, at sa pagcalayo-layo nang mañga bayan, at cahirapan nang mañga daan, ay halos siyang dahilang hindi icadálao nang mañga Obispo sa kanilang nasásacupan, cundi magdaan nang malaquing hirap at capagalan. Iniháhatol ñgâ nang pagcacailañgan, na cung mangyayari liit liitán ang sacop nang mañga dating Diócesis at iyo,i, maragdagan nang mañga ilang bago. Caya ñga papananatilihin ang Arzobispado nang Maynilà at ang mañga Diócesis nang Cebú, Cáceres, Nueva Segovia at Jaro, at aming idadagdag ang Lipa, Tuguegarao, Capis, at Zamboanga, na pauang gaya rin nang ibá na masasacupan nang pañgulong Maynilà. Bucod dito,i, tatayuan namin ang Marianas nang isang Prefectura Apostólica, na sacop Namin at nang mañga hahalili sa Amin, na hindi pamamaguitanan nang ibá pang capangyarihan.

II.
Ucol Sa Metropolitano At Sa Manga Obispos Sufraganeos.

Ang tangì lamang tatauaguing Metropolitano,i, ang Arzobispo sa Maynilà: ang iba pa, maguing ang manga dating Sede, na gaya naman nang manga bagong matatayong sacop niya, ay may catungculang tauaguing manga Sufragáneos ó nasasacop nang Archidiócesis. Ucol sa manga derechos na tatamasahin nang Metropolitano, at manga catungculan niyang gaganapin, ay sinasaysay nang manga Leyes eclesiásticas, na casalucuyang umiiral. Manga Leyes, na cung nínanasa man Naming huag muntic mang súsumangin at sosouayin sana, ay gayon din namang Aming pinacananais, na huag sanang magmamalio bahagyâ man ang manga pagsasama at pagmamahalan nang Metropolitano at nang caniyang manga sufraganeo, bagcus arao-arao ay lalong maghigpit at magaanib na magtulungang mahusay, magpahayagan nang canicaniyang pasiya, at lalo,t, higuit sa lahat ay maglulupon ang manga Obispo nang lalong madalas, sa buong itinutulot nang pagcacalayo-layo nang canilang manga tahanan. Ang pagiisang loob, ay siyang tunay na lumic-ha, at nagpapatibay nang lalong malalaquing paquinabang.

III.
Ucol Sa Cabildo Metropolitano At Sa Manga Cabildo Nang Manga Sacop Niyang Diócesis.

Hinihingi nang dangal at luningning nang Iglesia Metropolitana, na siya,i, paunlacan nang isang Colegio nang manga Canónigo. Datapua,t, cung saan papanggagalingin ang manga estipendios na dating ibinibigay sa manga Canónigo nang Gobiernong castilà, ay uauariin at ipahahayag nang Delegado Apostólico. At cung dahil sa casalatan nang cáya, ay hindi mangyaring papanatilihin ang dating bilang nang manga Canónigo, ay babauasan sila, anopa,t, sampong tinatauag na Dignidades ay huag lamang cuculangin sa sampô. Ang tangi lamang may malaya at may catouirang sarili na magcaloob nang manga nasabing catungculang Canongía, na gaya naman nang iba pang Beneficios nang Santa Iglesia Metropolitana, ay ang Arzobispo lamang: libang itinatangi rito yaong

manga, ó alang-alang sa Leing pangcalahatan, na sarili lamang nang Sede Apóstolica ang pagbibigay pasiya, ó nauucol caya lamang sa ibang Patronato, ó dili caya,i, nasasacop nang isang concurso. Gayon din namang pinacananasa Namin, na sa manga ibang Templos Catedrales ay magtayô nang manga Colegio nang manga Canónigo. Bagay na samantalang hindi pa magagaua ay magagamit munang Consultores nang Obispo yaong manga may litao na cabanalan, dunong at cabaitan sa pamamahalà nang bagay-bagay, na huhugutin sa isa,t, isang clero, catulad nang guinagaua sa ibang Diócesis, na uala pang Colegio nang manga Canónigos. At upanding sa manga nasabing Iglesias Catedrales, na ualang Cabildo, ay huag mabauasan ang caranga̋lan nang manga pagpipistang cagalang-galang ang nasabing manga Consultores ó Sangunian ay siyang tutulong sa Obispo na magdadaos nang pagpipista. At cung sila,i, magcaroon nang anomang capinsalaan, ay papalitan sila nang Obispo nang ibang pinacamarapat, na mahuhugot, maguing sa Clero secular, maguing sa Regular man.

IV.
Ucol Sa Sede Vacante Nang Manga Sacop Na Diócesis.

Capag ang isang sacop na Diócesis, na ualang Colegio nang manga Canónigos, ay naulila sa caniyang Obispo, ang Metropolitano,i, siyang mamámahala sa caniyá: at cung ualâ ito, ay yaong Obispo nang Diócesis na lalong calapit, bagaman pagpípilitang dadagliing mahalal agad ang isang Vicario. Samantala,i, pamamahalaan muna ang Diócesis nang Vicario General nang Obispong namatay.

V.
Ucol Sa Clero Secular.

Yayamang itinurong labis at pinagtitibay nang laguing pagmamasid nang buhay nang tauo, na ang Clero ó manga sacerdoteng tubò sa isang lupà ay malaquing capaquinabanga̋n ang ibinibigay sa sariling lupà saan-saan man, ay iniaamo Naming pagsicapan sana nang manga Obispo ang pagpaparami nang manga Sacerdoteng tagá Filipinas;

datapua,t, pacaalagaang igayac muna silá sa cabanalan at disciplina, at pacaquilanlin ang manga carapatan nang manga pagcácatiualaan nang catungculan sa Iglesia. At yaong manga maquilalang maliuanag na may lubos na carapatan, unti-unting ipanhic sa lalong maranga̍l na catungculan. Nguni,t, pacalininga̍n at pahiguitin sa lahat, na tuparin nang sinomang Sacerdote, na huag silang patán̍gay cailanman sa hilig nang manga partido. Sapagca,t, bucod sa ibinabaual nang manga Leyes na pangcalahatan, na ang naglilingkod sa Dios ay huag maquitalamitam sa manga bagaybagay nang bayan, alang-alang sa tina-tauíd na panahon at casacunaan, inaacalà Naming lalong dapat pacainga̍tang ilagan itó nga̍yon sa capuluang Filipinas nang bala nang Sacerdote. Bucod sa yayamang ang pagcacaisang loob, ay siyang pinaca-panga̍ulong lacas na magdadaos nang lahat nang gauang daquila,t, paquiquinabanga̍n, cayâ ang pagcacaisang iya,i, pacaisiping palagui sa canilang manga pagsasamahan, alang-alang sa cagalinga̍n nang Religión, alang-alang sa tanang manga Sacerdote na ualang matatanga̍ing signo man, maging Sacerdote secular at maguing regular man. Malinao nga̍ang cailanga̍ang lubhâ, na yaong manga nasasanib sa tanga̍i at nagiisang catauan, na si Cristo ang Ulo, ay huag sisibulan nang inguitan silasila, bagcus pa nga̍ang magcacaisang loob at mag-ibigan nang pagmamahalang capatid. At upanding camtan ang pagmamahalang ito at tuloy mamalagui ang bisà at lacas nang disciplina, huag lilimutin nang manga Obispo ang malaquing paquinabang na ibinubunga̍ nang madalas na manga pagpupulong, na tinatauag na Juntas sinodales, ayon sa inihahatol nang lagay nang panahon at nang pamamayan. Cung gayon ang canilang gauín, ay maluag na magcacaisa ang tiboc nang pusò at iisa rin naman ang maguiguing quilos nang lahat. Nga̍uni,t, nang huag lumauig ang lagabláb nang ninga̍as nang pusò nang Clero, bagcus lalong lumagô at mag-ulol ang manga cabanalang nababagay sa Sacerdocio, ay lubhang marapat na huag calilinga̍atang gauin ang manga Ejercicios espirituales. Pacaalagaan nga̍a nang manga Obispo, na ang lahat nang napiling maglingcod sa Poon, tuing icatlong taon man lamang ay lumigpit sa isang marapat na lugal upanding magbulaybulay doon nang manga catutuhanang ualang hangan (verdades eternas,) na canilang mapaglinisan nang alabóc camundohan at papanariuain naman at palalain ang calinisang loob nang pagcasacerdote. Pagsisicapan

din naman na mabisang mamalagui sa Clero sa pamamaguitan nang madalas na pagsasanay ang paglining at pag-aaral nang manğa sagradas disciplinas. *Pagca,t, ang manğa labi nang Sacerdote ay marapat maguing isang simpanan nang carununğan,* at nang sa ganitong paraan ay maturuan nila ang manğa bininyagan, yamang *"sa bibig nila dapat matutuhan ang Ley." (Malachi* 2, 7*)* At tunay nğang, ualang bagay na lalong ayos ipagcamit nang adhicang ito, na gaya nang madalas na manğa conferencia, maguing sa nauucol sa Teología moral, maguing sa nahihinguil sa liturgia. Datapua,t, cung sanhî sa manğa cahirapan nang manğa daan, sa cauntian nang bilang nang manğa Sacerdote at iba pang capinsalaang ganganito ay hindî mangyaring idaos ang nanğasabing pulong at pag-uusap, ang lalong magaling na gauin nang manğa hindî macadalo sa nasabing manğa pulunğang, ay saysayin nilang isulat na lamang ang manğa tanong na padala at ipahatid na iagap sa Obispo ang manğa sagot.

VI.
Ucol Sa Manğa Seminario.

Cung gaano ang paghahalaga nang Santa Iglesia sa manğa Seminario nang quinabataang, inaanducâ sa canilang hanğad na maguing Sacerdote, ay malinao na maquiquita sa decreto nang Concilio de Trento, na caniyang pinagmulan. Dahil dito,i, carampatang gugulin nang manğa Obispo ang buô nilang caya at talas, upanding sa baua,t, Diócesis ay magcaroon sila nang isang bahay na mapagtatangapan at mapaganducaan buhat pa sa camusmusan, at mapagsanayan at mapagturuan, sa sinomang naghahanğad magparè, nang nauucol sa banal na pamumuhay at nang segunda enseñanza at matataas na carununğan. Bagaman ang lalong mabuti ay magcahiualay nang tirahan at huag magcahalobilo ang mumuntî at malalaqui, ang nag-aaral nang segunda enseñanza at nag-aaral nang filosofia, at teología. Ang manğa nag-aaral sa nasabing manğa bahay ay hindi macalalabas, samantalang uala pang hábito, sacali,t, sila,i, madarapat na magsuot nito; at cung hindi rin lamang sa isang malaquing dahilan, ay di sila mapahihintulutang macaouî nang canilang bahay. Ipagcatialâ nang Obispo ang pamamahala nang Seminario sa

lalong litao na sacerdote, maguing sacerdote ng clero secular, maguing sa regular man, na lumalalò sa iba sa cabaitan at carununĝang mamahalà, at humiguit sa lahat sa cabanalan at linis nang pamumuhay. Liban sa rito, ang lahat nang macailang naiutos na Namin at nang Aming manĝa hinalinhan, ay nagpapaquilalang lubos cung paano ang pagpapalà nang manĝa pag-aaral sa manĝa sagrados Seminarios. Nguni,t, doon sa manĝa Diócesis na ualang Seminario, pagsisicapan nang Obispong ang manĝa nag-aaral sa caniyang Diócesis, ay anducain sa manĝa Seminario nang manĝa canugnog na Diócesis. Huag tutulutan nang manĝa Obispo, maguing anoman ang dahilanin, na mapasoc sa manĝa Seminario cung hindi rin lamang yaong manĝa binatang talagang maaasahang hahandog sa Dios sa pamamag-itan nang sagrados órdenes. Yaong manĝa naghahanĝad matuto lamang at nang macahauac nang catungculang bayan, cung mangyayari, doon ipasoc sa ibang aralan, na tatauaguing *Convictorios ó colegios episcopales*. Sa caduluha,i, dapat ipacatagubilin, ayon sa cautusan nang Apóstol, na pacacuruin at dahandahanin nang Obispo ang pagbibigay nang orden sagrado canĝinoman, at pacasicaping huag abutan at gamitin sa sagrado ministerio, cundi yaong manĝa lubos naquilalá na at nagagayac nang carampatan sa dunong at cabanalan, na maguing hiyas at pamuti at capaquinabanĝan nang Diócesis. Huag ding calilinĝatan ang manĝa nacatapos na nang pag-aaral, at lumabas na sa Seminario: bagcus, upanding mailag sa pagpapagayon-gayon at huag malilinĝat, na mapabayaan ang pag-aaral nang manĝa carununĝang nauucol sa Dios, lubhang cailanĝan na, sa loob man lamang nang limang taon buhat nang maguing Sacerdote, ay magcaroon nang mahigpit na catungculang mag-examen nang dogma at nang moral, taontaon, sa harapan nang manĝa paham at magugulang sa cabaitan. At yamang gayon ding magbubucas sa Roma nang isang aralan nang manĝa binatang taga Filipinas, na macaibig magdalisay roong lalò nang canilang pinag-aralang teología at iba pang ganganito, lubhang icagagalac Naming cung magpadala rito ang manĝa Obispo nang manĝa hirang na binata, na pagcatuto nila nang dunong sa religión sa tunay na ubod nang catutuhanan, ay canila namang maiturò at paquinabanĝan sa kanilang manĝa cadugô. Sa ganang macacaya namang nang Santa Sedeng ito ay pagpipilitan Niya, sa paraang lalong tumpac na icadadanĝal nang clero secular at icaacyat sa lalong mataas na dunong at lalong mabuting

pagcagayac sa pagcasacerdote, upanding balang arao ay maacmâ silang humalili sa clero regular sa pamamahalà nang manga caluloua.

VII.
Ucol Sa Pag-Aaral Nang Manga Bata Nang Religion At Hinguil Naman Sa Universidad Nang Maynila.

Tunay nga̱ng hindi marapat, na ang pangugulan lamang nang sicap nang manga̱ Obispo ay pagmalasaquitan nila ang manga̱ Seminario, yamang ang lahat nang binatang masoc sa manga̱ ibang escuelahan ay cailanga̱n namang pamuhunanan nila nang arugâ at calinga̱à. Cautanga̱n nga̱ nang manga̱ Obispong lubos nilang pagsumaquitan, na palagui ang pagcaquilala nang religión, na maagapay sa pagcasulong nang bata sa canilang ibang pinag-aaralan. Alang alang dito, at upanding marapat na magcaayao-ayao sa lahat ang pagtuturo nang religión, pagpilitan nang manga̱ Obispo ang paghanap nang manga̱ maestrong may cayang gumanap nang mahalagang tungcol na ito, at gayon din, na ang manga̱ librong gagamitin ay huag magcacaroon nang bahid man lamang nang camalian. At yamang ang pinaguusapa,i, manga̱ hayagang aralan, hindi Namin ibig calinga̱tang huag maalayan nang marapat na papuri ang daquilang Universidad nang Maynila, na itinatag nang manga̱ Dominico sa pahintulog nang Papa Inocencio X. At yamang caicailan ma,i, lagui siyang nagniningning sa calinisan at cadalisayan nang caniyang aral, at carununga̱ng daquila nang caniyang manga̱ doctores, at hindi cacaunti ang manga̱ ibinunga̱ niyang capaquinabanga̱n, ay hindi lamang ang nasà Namin ay linga̱pin siya nang boong pag-irog nang sinomang Obispo, cundî naman siya,i, ilinalagay sa ilalim nang Aming pagcucupcop at pagtatangquilic nang manga̱ Hahalili sa Amin. Caya nga̱ naman, sa lubos Naming pagpapatibay nang manga̱ privilegios at nang manga̱ caranga̱lang sa caniya,i, ipinagcaloob nang manga̱ Romanos Pontífices, na sina Inocencio X at XI at Clemente XII, ay panibago Naming pinagcalooban naman siya nang títulong Universidad Pontificia, at calooban ngá Naming ang manga̱ grados académicos na mangaling sa caniya,i, macahalaga nang nagbubuhat sa ibang manga̱ Universidades Pontificias.

VIII.
Sa Manga Regulares.

Sa pagsamantala nitong Santa Sede Apostólica nang bagong calagayang iniaalay nang Sangcapuluang yaon ay minarapat na maglagdâ nang naayos doong manga cautusan, at nang mapagbalican niyong manga Religiosong may banal at caranga̅ldanga̅lang hanga̅d ang layong dating pamumuhay na sarili nang canicanilang manga *Instituto,* alalaong baga,i, sa pagganap na lubos nang manga banal nilang tungcol, sa lalong pagpapasulong nang mabubuting caugalian nang bayan, at pagpapalagô nang mapayapà et [*sic*] matiuasay na pagcacaayos nang manga pinagaanhin-anhin nang religión at nang pamamayan. Ipinacatatagubilin nga̅ Namin sa baua,t, isa nang manga religioso na canilang ganapin nang boong cabanalan ang manga catungculang canilang inatong pasanin at pamuhunanan nang canilang manga voto *na hoag magbibigay daan nang ipagcacasala nang iba* (2 Cor. VI. 3.). Iniuutos Namin, na tupdin nang boong cahigpitan ang manga leyes nang clausura; at alangalang dito,i, calooban Naming ariin nilang catungculan yaong iniuutos nang decreto, na lagdâ nang Congregación nang manga Obispos at nang manga regulares nang ica XX nang Julio nang MDCCXXXI at pinagtibay nang nauna sa Aming si Clemente XII sa manga Letras Apostólicas *Nuper pro parte* nang ica XXVI nang Agosto nang nabanguit ding taon. Ang palatuntunan at hangan nang clausura ay yaong nasasaysay sa isang decreto nang Sagrada Congregación de Propaganda Fide, na lagda nang XXIV nang Agosto nang MDCCLXXX na pinagtibay ni Pio VI. Lalo namang pacatatandaang higuit sa lahat, nang tanang religiosos na tumitira sa Filipinas, ang lubos na paggalang at pagbibigay danga̅l doon sa manga *itinatag nang Espíritu Santo na mamahala nang Iglesia nang Dios* (Actos XX. 28); at calaquip nang clero secular sa isang mahigpit na pagcacasundô at pagiibigan, na huag mag-iui sa pusò nila nang maliliban sa paggugol nang boô nilang caya sa pagganap nang canilang banal na catungculan sa icapapaanyô nang catauan ni Cristo, lubos na macaaanib at magcacaisa nang hanga̅d at layon. At upanding mabunot nang sapol ugat ang lahat nang pinagbubuhatan nang pagcacaalit,

minamarapat din naman naming iutos, na buhat nga̅yo,i, ganapin sa Sangcapuluang Filipinas ang Constitución *Firmandis,* na lagda ni Benedicto XIV nang idus nang Noviembre [*sic*] nang MDCCXLIV, at gayon din naman ang pinamamagatang *Romanos Pontífices,* na noong ica VIII nang idus nang Mayo nang MDCCCLXXXI ay Aming ilinagdâ sa paghatol nang ilang pinagtatalunan nang manga̅ Obispos at Misioneros nang Inglaterra at Escocia.

IX.
Ucol Sa Mga̅ Parroquia.

Cun alin-alin bagá ang manga̅ parroquiang ipagcácatiualang pamahalaan nang manga̅ alagad nang manga̅ órdenes Religiosas, tingnan nang manga̅ Obispong isanguni̅ sa manga̅ Prelado nang canícanilang Orden. At cung may lumabás na sáligutgutan sa bagay na ito, na hindî nila maayos sa ganang sarili, ay ipagsacdal sa Delegado Apóstolico.

X.
Ucol Sa Manga̅ Misiones.

Sa ibang manga̅ dáguisonang pinanga̅nga̅siuaan nang dunong nang Iglesia sa pag-aalagà, na huag mapinga̅san bahagyâ man ang pananampalataya, at buongbuong manatili ang mabubuting caugalian at tanang ibá pang bagaybagay na nauucol sa ualang hangang icapapacagaling nang manga̅ caluloua, ay dapat nga̅ng maragdag, at tunay nga̅ng paquiquinabanga̅n nang malaqui, yaong manga̅ Ejercicios espirituales na pinamamagatang Misiones. Dapat nga̅ning pacanasain, na sa baua,t, isang provincia,i, macapagtatag nang isang bahay, na mátirahan man lamang nang isang [*sic*] ualong Religioso, na ang tanging tutunculin lamang nila,i, lacbaying madalas ang manga̅ bayanbayan at nayon, at nang sa ganitong paraan ay canilang malinang ang caluloua nang manga̅ taga roon, sa mabubuting aral. Bágay na, cung tunay mang maigui at paquiquinabanga̅n nang manga̅ binyagan, ay lalo pa namang cailanga̅n niyaong manga̅ cahabaghabag na hindi pa namumulat ang mata sa Evangelio. Saansaan man nga̅, at may manga̅ tauo pang damó ó salvage, na nacalulong sa malupit na pagsamba

sa manga diosdiosan, ay matanto nang manga Obispo at nang manga sacerdote na catunculan nilang pagpilitang pagbaliquing loob. Alang alang dito,i, marapat tayuan ang manga lupalop nilang tinatahanan nang manga tirahan nang manga sacerdoteng mag-aalaga nang canilang manga caluloua, at huag sucat lamang halinahin at paamoin sa Religión cristiana ang manga hindi binyagan, cundi naman lalò pa nilang pagsicapan ang pagtuturo sa manga bata. Ang manga nasabing hantunga̅n ay dapat itayo doon sa, cung dumating ang panahon, ay magagauang Prefecturas ó Vicariatos Apostólicos. At nang huag culanga̅in nang anomang cailanga̅n sa pamumuhay ang manga titira roon, na gaganap nang banal na tuncol na ito at nang pagcacalat nang pananampalataya, iniluluhog Namin, na sa baua,t, Diócesis, −libang itinatanga̅i lamang cailanman ang Institucion de Lion, na pinamámagatang Propagacion de la Fé, −ay magtayô nang canicaniyang manga tanga̅i at sariling catipunan nang manga lalaqui at babayi, na siyang manga̅ilac nang manga ambag nang tanang bininyagang ibig tumulong at siyang magbigay sa manga Obispo nang canilang mapanga̅ilac, na buongbuo̅ namang ipamamahagui nang carampatan sa manga Misiones.

XI.
Ucol Sa Disciplina Eclesiástica.

Ualang bagay na lalalò nang bisà upang manatili sa clero ang pagmamahal sa caniya nang manga bininyagan, na gaya nang maquita nang lahat, na ang iniaral nang manga sacerdote ay pinagtitibay naman nang canilang manga gaua. Pagca,t, sa canilang mataas na tayô, −ayon sa sabi nang Concilio Tridentino, −na unga̅os sa tanang bagaybagay nang panahon at pamamayan, ay sila ang sadlacan nang masid nang iba, na parang sinasalamin, at sila ang pinaghahanga̅oang tinutularan. Pacundanga̅n nga̅ rito,i, quinacailanga̅ang lubhâ na magpacaayos nang pamumuhay at ugali ang manga clérigo, huag silang masisilipan nang anomang-anomang hindi mahusay, mahinhin at puspós nang religión, maguing sa pananamit, sa quilos, sa bucang bibig at sa lahat nang ibá pa; at pacainga̅atan ang lalong caliit-liitang capintasan, na capag sila na ang nacagauâ ay bumibigat, at nang sa ganitong paraan ay macaanyaya

nang cagalanñgan ang calahatlahatan nilang quilos. Caya nña, upanding manumbalic ang bisà nitong disciplina eclesiástica, at upandin namang maganap na lubos itong aming Constitución, sinugò Naming *Delegado Apostólico Extraordinario* sa buong sangcapuluang Filipinas, −na siyang manindigan sa Panñgalan Namin − ang cagalang-galang na aming capatid na si Juan Bautista Guidi, Arzobispo Stauropolitano, na siyang, −gaya nña nang nararapat, −ay pinagcacatiualaan Namin nang manña carampatang capangyarihan; at tuloy pinagbilinan Namin agad bumabalà at magdaos nang Sínodo provincial sa buong agap na itulot nang panahon at nang madlang bagaybagay.

XII.
Ucol Sa Capayapaan Nang Puso At Sa Marapat Na Galang Sa Manña Pinuno.

Ang natitira na lamang nñayong iuulat at iparirinñig sa lahat ng taga Filipinas, niyaring pagmamahal magulang, na cailanñang paalinñao-nñauin sa boong linauac-lauac nang manña lupaing yaon, na papanalicsiquin sa lalong casuloc-sulocan niyang pooc, ay ang pag-amuquî; na canilang papanatilihin at pacasinupin ang pagcacaisa sa sinapupunan nang pagcacasundô at capayapaan. Hindi huhuli rito ang cautanñang cristiano: pagca,t, “Lalong malaqui ang pagcacapatid cay Cristo sa pagcacapatid nang dugô: yayamang ang pagcacapatid sa dugo,i, ualang ibang ibinububunña cundi ang pagcacauanñis nang catauan, samantalang ang pagcacapatid cay Cristo,i, nagpapatanghal nang pagcacauanñis nang catauan at caloloua paayon sa nati-titic.” (Act. IV. 32). *“Ang boong cacapalan nang tanang bininyagan ay iisa ang pusò at iisa ang caluloua.” (S. Maxim*. Init. Serm. S. Augustini C.) Gayon ang hinihinñî nang cagalinñan nang religión, na siyang unang ugát at bucal nang manña cabaitang sumicat at nagsambulat nang cabanñuhan nang manña nacaraang panahon sa lahat nang bayan sa Filipinas. Sa cauacasa,i, gayon din ang hinihiling nang tapat na pag-irog sa inangbayan, na ualang nacucuha at nahihitâ sa manña caguluhang bayan liban sa manña casiraan, caayupan at caruc-haan. Ang manña may hauac na capangyarihan ay matutong gumalang, gaya nang itinatagubilin nang

Apóstol, *Pagka,t, ang alinmang capanyarihan ay sa Dios nagmumula* (ad Rom. XIII, 2.) At bagaman ang Filipinas ay natitiualag sa Amin, at may napapag-itang malauac na dagat, mabatid nilang lahat na sila,i, quinucupcop at pinagmamalasaquitan nang Sede Apostólica, na cung ano ang tanĝing pag-irog na guinugugol sa pagyacap sa canila, ay gayon din namang maaasahan nang lahat, na cailanma,i, hindi pamimitauanan ang pag-aarugâ at pagmamalasaquit nang tanang pinagaanhin-anhin niyang sarili at catutubò.

Sa catapusa,i, ipinahahayag Naming caicailanmang panahon ang Constitución Naming ito,i, hindi matututulan ó mapupuing nang camalian, na nĝinanĝanlang subrepción ú obrepcion man ó nang caculanĝan cayâ nang Aming adhicâ, ó hindî kayâ capara nang Aming hanĝad ó iba cayang bagay man, at magpacailanma,i, laguing magcaroon nang cabagsican, tatag at tibay at sa lahat nang anoanoman ay mamunĝa nang carampatan at nababagay, at lubos pacatalimahing marapat, –na huag macagambalà ang alinmang Decretos Apostólicos, maguing generales man at especiales cayâ, at maguing yaon mang lagdâ nang manĝa Concilios sinodales, provinciales ó universales, gaya naman nang manĝa derechos ó privilegios nang manĝa matatandang Sede sa Filipinas ó nang manĝa Misiones na doo,i, nacatayô na ó itatayô pa ó nang alinmang iba pang manĝa Iglesia ó manĝa banal na lugal, sucdan mang masaniban pa nang panunumpâ ó catibayang buhat sa Santa Sede ó nang anomang iba pang catibayan, maguing anomang bagay na casalunĝat, na dapat mang ituring at ipaquibilang: ang manĝa bagaybagay na, sa tuing masasalunĝat dito nang bahagyâ lamang ay pauà Naming pinauaualang halaga. Gayon din namang ipinahahayag Naming ualang anomang halaga at casaysayang ang balà nang anomang, hinguil dito,i, magcataong panĝahasan ninoman at nang sinomang may capanyarihan, na talagahin man ó pagcamalan cayâ lamang. Calooban din nĝa Naming ang alinmang salin ó limbag nang Constitucióng ito, na sinacsihan nang isang Notario Público at nang sinomang may mataas na catungculan sa Iglesia, na nagquintal nang caniyang sariling tatac, ay lubos na paniualaan at pagpitaganan na parang ang iniharap sa canila ay ito ring Aming Diploma. Sinoman nga,i, hindi macapanĝanĝahas lumabag ó magmatapang na sumalangsang, nang hindi mahuhulog sa malaquing pagcacasala, laban dito sa Aming titic nang

Aming erección, constitución, restitución, desmenbración, supresión, asignación, agregación, atribución, decreto, cautusan at pasiya. At sinomang magpangap at magbalac nang gangayong pacanâ laban sa iniaatas nang Constitucióng ito, matantô na siya,i, lalagpacan nang poot nang Dios na Nacapangyayari sa lahat at nang galit nang malulualhating Apóstoles Niyang sina San Pedro at San Pablo. Lagdâ sa piling ni San Pedro sa ilalim nang cabagsican nang singsing nang Manğinğisda (Pescador) nang ica XVII nang Setiembre nang taong MDCCCCII, icadalauangpuô,t, lima nang Aming Pagcapontífice.

Lugar nang tatac.

LUIS CARDENAL MACCHI.
(MAY FIRMA.)